**Teorya ng Paglipas**

**By Don Vittorio C. Villasin**

"Ang pinakamahalagang bagay," sabi ni P. "Ay ang lumikha." Siguradong-sigurado siya na parang bang isang sagradong katotohanan ang mga salita niya.

Laging iyon ang sinasabi niya kapag naiipit ako sa pagitan ng mga salita at hindi makapagpatuloy. Napahinto sa pagsusulat. Natisod sa gitna ng balarila o talinghaga. Nawawalan ng kumpyansa sa sarili. Nadadaganan ng masyadong marami at magulong mga ideya kaya hindi naitutuloy ang proyekto.

"Kahit ano pa ang mangyari, basta gumawa ka. Magsulat ka," idadagdag niya.

Pero hindi ko nasusunod. Madalas nananalo ang kalaban. Sasabihin ko halimbawa na, ayoko na magsulat. Kasi parang wala namang napupuntahan. Natatakot akong baka walang magbasa sa mga gagawin ko.

"E di h'wag nilang basahin! Basta gumawa ka d'yan. H'wag kang magmukmok."

At napagalitan pa nga ako.

***

Nabasa ko ang isang nakaaaliw na artikulo tungkol sa mga piramide sa Ehipto. Ang sabi, ang mga piramideng ito daw ang patunay na may mga bagay na panghabambuhay sa mundo. Humigit-kumulang apat na libong taon na nga namang nakatirik ang mga matatayog na piramide. Dumaan at lumipas na ang napakaraming mga sibilisasyon, mga digmaan, pero nananatili pa rin sila, tila nakamatyag sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Matagal ko nang pangarap na makita ang mga piramideng ito nang harapan. Gusto kong masaksihan at maramdaman ang bigat ng baon nilang kasaysayan. Kung makapagke-kwento lamang ang mga ito, anong klaseng mga alaala at damdamin kaya ang kanilang ilalahad? Malamang, mga kwentong hindi kinayang kalkalin ng mga arkeyologo mula sa ilalim ng mala-gintong buhangin; mga salaysay na naibaon sa limot ng mga matandang panulat, inukit sa mga tabletang inupos ng init at naging alabok.

Noon, naikwento ni P sa akin ang isang bagay tungkol sa mga piramide. Pirmi daw itong nasa ilalim ng mga planeta at bituin sa langit. Hindi raw ito basta lang itinayo ng mga sinaunang inhinyero at mga manggagawa sa Ehipto. May koneksyon daw ito sa kanilang mga diyos. Mga diyos na nakadungaw mula sa mga bituin. Tinanong ko siya kung nakadungaw pa rin kaya ang mga diyos na ito at kung masaya ba silang dinarayo na lang ng mga turista ang mga piramide. Hindi na daw. Hindi na sila sumisilip dahil wala nang sumasampalataya sa kanila. Kumbaga e, wala na silang mapapala pa sa pagsubaybay sa sangkatauhan.

"Grabe naman," sabi ko. "Tindi naman ng ego ng mga diyos nila."

"Ewan ko, pero di ba minsan gano'n din tayo? Minsan di tayo kumikilos without knowing what's in it for us?" sagot ni P. Noon, parang binalewala ko lang ata ang sinabi niya.

Tinanong ko siya kung sinubukan ba ng mga sinaunang tao sa Ehipto na abutin ang mga diyos nila kaya binuo nila ang mga piramide. Hindi daw. Pero mahalagang mataas ang mga ito. Kailangang ang mga piramide ang pinakamataas na gusali sa paligid

para sa pagsikat ng araw, ito ang unang tatamaan ng liwanag. At sa pagtatapos ng araw, ito rin ang huling masisikatan.

Magsisimula at magtatapos ang liwanag sa piramide.

***

Hindi ko alam kung naghahanap ba ako ng panghabambuhay. Basta ang alam ko lang, hindi pang habambuhay ang buhay ko. Gaya nga ng lagi nilang sinasabi, sobrang ikli lang ang buhay.

Sabi ni Ralph Waldo Emerson, hindi naman daw ang haba ng buhay ang pinakamahalaga kundi ang lalim nito. Nagbibiruan pa nga kami ni P na dapat siguro ay bumaba kami sa isang balon na parang si Toru Okada sa nobela ni Murakami. Tiyak magiging “malalim” ang aming buhay.

“At ano naman ang gagawin natin pagkababa sa balon?” tanong ni P.

“E di do’n kita ido-dogstyle.”

Napamura siya. “Tangina, parang masarap ‘yon ah.”

Pero hindi naman kami naghanap ng balon para pagsipingan. May na-encounter kaming balon noong ilang buwan kaming nanirahan sa isang liblib na baryo sa Visayas para sa isang NGO na pinagta-trabahuhan namin. May isang balon sa lugar iyon na siyang tanging pinagkukunan ng tubig ng mga residente. Sabi nga namin, bakit wala man lang ibang organisasyon na naglagay ng poso? Ang kwento sa amin ng mga kasama namin, lahat daw ng poso na inilalagay doon ay natutuyo agad. Samantalang iyong balon, hindi nauubusan ng tubig. Panahon pa daw ng Martial Law noong hinukay ang balon. Di na raw maalala ng mga matatanda kung si Marcos ba mismo ang naghukay sa balon,

pero bahagi ata iyon ng mga kalokohang kwento tungkol sa kanya. Iyon lang daw ang proyekto ni Marcos na napakinabangan nila. May mga kwento pa nga na may mga "komunista" mula sa Maynila na itinatapon doon. Baka nga raw iyon ang dahilan kung bakit sagana sa tubig ang balon kahit ilang dekada na ang lumipas. May dugo daw kasi ng mga bayani. Ang lupang nadiligan ng dugo ng bayani ay lupang nagbibigay ng buhay.

Dininig namin ni P ang mga kwento, pero di naman kami tuluyang naniwala. Matinding isyu sa kalinisan at kalusugan iyon kung sakali mang totoo, bukod pa sa mga isyu ng kahayupan at kasamaang nangyari noong rehimeng Marcos.

Pinuntahan namin ni P ang balon. Isang matanda at bansot na istruktura, at malamang ay may baon ding mga alaala. Sementadong mga bato, may mga bitak at pingas parang naglalagas na mga ngipin. Dumungaw ako sa madilim nitong bunganga na parang isang diyos na sumisilip sa aking mga nilikha. May aninag ng munting langit mula sa ibabaw ng tubig.

"So, ano, pwede?" pabirong tanong ni P.

"Gago!"

***

Mayroong isinulat na koleksyon ng mga tula si P. "Dagat-dagatan" ang pamagat. Limang tula na ang mga pamagat ay halaw sa mga dagat o dagat-dagatan: Black Sea, Red Sea, Caspian Sea, at Dead Sea. Sa limang iyon, "Dead Sea" raw ang isinulat niya para sa akin. Halaw rin sa kanta ng bandang The Lumineers.

Noong una kong binasa ang tula, nalungkot ako. May ibang konotasyon ang pangalan ng dagat-dagatang iyon. Patay kasi walang maski na anong nabubuhay—sa ilalim o sa paligid nito. Sinabi ko ito sa kanya pero hindi niya tinanggap.

Hindi raw lumulubog ang mga nagsisipaligo sa Dead Sea. Wala itong pinananatili sa ilalim (maski isda o anumang lamang-dagat) dahil lahat ay inilalagay nito sa ibabaw. Nakumbinse niya ako o kinumbinse ko ang sarili ko, hindi ako sigurado.

Sinubukan kong maghanap ng mga larawan ng Dead Sea sa internet. May mga matatangkad na istruktura—mga deposito ng asin dala ng sobrang alat ng tubig dito. Nabasa ko naman sa isang artikulo na unti-unti nang nawawala ang Dead Sea. Lumiliit nang lumiliit. Dala raw ito ng pagbabago sa klima at tuluyang kapabayaan. Ultimo patay na dagat-dagatan ay namamatay pa lalo. Dagdag pa sa artikulo, darating ang araw at mawawala na ito sa mapa. Tanging ang mga nakatayong deposito ng asin ang magiging tanda ng minsan nitong pagparito.

Ilang libong taon kaya bago tuluyang tangayin ng hangin o lamunin ng mga natural na proseso ang mga piramide sa Ehipto? Kapag nangyari iyon, masasabi pa bang panghabambuhay ang mga gusaling iyon? O baka naman ang lahat ng panghabambuhay ay ganoon lamang hangga't buhay ang tumitingin?

Kung gayon, ang pag-iral pala natin sa mundong ito ay parang patagalan ng pagtitig sa isa't isa: sa isang banda ay ang mga gusaling may baong kasaysayan at alaala, at sa kabila ay ang mga taong pinipilit damhin ang halaga ng mga gusaling ito. Nakabantay sila sa isa't isa, hinihintay kung sino ang unang matitinag.

***

Nang sabihin sa akin ni P na tapos na kami, naglayag ako sa maalat na dagat-dagatan ng aking isipan. Mataas ang araw, wala maski isang ulap sa langit, at sa tuwing iihip ang hangin, may kasama itong buhangin. Mula sa disyerto? Di ako sigurado. Pero dumaloy na parang rumaragasang ilog ang mga luha ko. Buhangin sa aking mga mata.

Ang kawalan ng balanse sa kemikal na komposisyon ng ulan at hangin, kaakibat ng mga natural na proseso ng kalikasan ang dahilan kung bakit unti-unting naluluma at nakakayod ang dating makikintab na hitsura ng mga gusali, maging ng mga estatwa sa mga parke. Kaya kailangang inaalagaan ang mga ito. Para mas tumagal. Hindi man panghabambuhay, pero hangga't may buhay.

Luha ang inilalabas ng imbalanseng damdamin. Gaano karami upang kayurin paalis ang kalungkutan?

***

Sa ibang mga bagay, madali lang malaman o mahalata kung may sira o bakas ng degradasyon. Kung bakal, basta may kalawang—problema iyan. Sa kahoy, kung may anay o kung kinain at pinalambot na ng tubig at lumot. Hindi pa naman sira. Pero kapag nakita mo, parang naitutulak ka agad na gawan ng paraan. Sa ebidensya ng pagkasira nila, alam mong hindi na sila magtatagal.

Hindi ganoon sa mga bagay na tinanggap mong panghabambuhay na nandyan. Sa mga matatayog na gusali, halimbawa, may taon pa bago ka makakita ng bitak sa mga bahagi. Minsan nga, kailangan pa ang isang lindol para masubok ang katatagan nito. Madalas nga hindi agad pinapansin ang mga munting bitak, ang naglalangib na lumang pintura, mga itim na patse sa kisame, o ang umaalog-alog na piraso ng tiles sa lapag. Ang

katwiran: matibay ito. Nakatayo pa nga e. Dumaan ang bagyo at iba pang sakuna, pero naging matatag ang gusali.

At isa pa, kung sa gusaling ito mo naramdaman ang kaligtasan, ang pahinga, ang tahanan, mahirap pansinin ang mga silat, ang mga kalat, ang mga badya ng pagkasira. Laging ang daling ipagpabukas.

Masyado tayong kampante sa ating tahanan. Dahil alam nating hangga't buhay tayo, nandito ang gusali, ang tahanan.

***

Noong nasa kolehiyo pa ako at tumutuloy sa isang barong-barong sa may gilid ng Estero De San Miguel sa Quiapo, naitanong ko sa kaklase ko, na siyang may-ari ng bahay, kung bakit napakababa ng inidoro nila sa banyo.

Ang kwento niya, hindi raw mababa iyong inidoro. Mukha lang daw ganoon dahil tumaas nang tumaas iyong lapag. Tatay daw niya kasi ang nagkabit ng mga tiles. Nakailang mali sa sukat at tantya, may mali sa mga ginawang putol, at sa paulit-ulit na pagtama rito ay nagkapatong-patong na ang paglalagay sa tiles. Pinatungan nang pinatungan ang mga maling naikabit kung kaya't kapag umupo ka sa inidoro nila ay halos nahahalikan mo na ang tuhod mo.

"Ilang layers kaya ng tiles?" tanong ko pero hindi raw siya sigurado. Basta ganoon daw ang nangyari. Naging maayos naman sa huli dahil nagagamit naman nang maayos ang banyo, ang inidoro.

Tinaasan na lang ang kisame.

***

"Kailan pa?"

"Matagal na," sagot ni P.

Dala na niya ang mga bag niya, laman ang kung ano mang gamit ang naipon niya sa ilang taon naming pagsasama. Ang mga hindi niya kayang bitbitin, babalikan na lang daw niya. O baka daw pwedeng ipa-deliver ko na lang.

Handang-handa na siyang umalis. Pero alam kong hindi pa siya nakalalabas ng pinto ng apartment namin ay matagal na siyang wala rito. Matagal na niyang naimpake ang kanyang sarili. Kailangan na lang buksan ang pinto, lumabas, at umalis.

Noong una kong malaman na matagal na pala siyang nakikipagkita at nakikipagtalik sa iba, wala akong maramdaman. Tila panaginip ang lahat. Sa isip ko, para lamang itong bahagi ng isang balangkas para sa isang nobela o pelikula.

Pero hindi. Kasing totoo ito ng mga luhang hindi ko mapigil, ng mga gabing hindi makatulog sa kaiisip kung bakit niya iyon nagawa, mga hapong walang ibang ginawa kundi humarap sa salamin at tanungin ang repleksyon kung saan nagkamali, saan nagkulang, saan pupunta.

***

Ang importante ay ang lumikha.

Sige, P. Lilikha ako.

Isusulat ko ang lahat ng nararamdaman ko sa antas na kayang abutin ng wika ko, sa antas na kayang abutin ng mga kaya kong isulat. Di bale nang walang magbasa. Kahit ikaw, kahit di mo na mabasa. Kahit pa langawin ang mga zines ko sa mga bazaar o mga exhibit. Magsusulat pa rin ako. Lilikha.

Ang mga likha natin ang magiging tanda ng ating pagparito. Lilipas rin ang mga lilikhain natin, tatangayin sa daloy ng panahon, pero tulad ng mga piramide sa Ehipto, na habang nakatingala sa mga diyos sa bituin ay nakatanghod sa kanilang repleksyon sa tubig ng ilog Nile, ang ating mga likha ay sapat nang paalala ng ating mga damdamin. Ng ating minsan.

Malilimutan mo ako. Baka nga nakalimutan mo na ako. Pero ang ating mga alaala ay permanente sa aking panghabambuhay na saglit. At hindi ka na lilingon o sisilip sa mga alaalang ito maski bahagi ka nila dahil wala nang naghihintay sa iyo. Ang naiwan sa iyong paglisan ay ang tanda ng iyong pagparito.

Sa aking paglikha, matututuhan kong umusad. Maglalayag ako sa mga dagat at dagat-dagatan, sa maitim at mapulang tubig, at kung dumating man ang araw na ako'y lulubog, walang bakas ng paa o ano mang tanda sa mga alon upang ipahiwatig ang layo ng aking paglalakbay. Yakap ko ang katotohanan ng paglayo.

Lilikha ako ng mga bagong alaala. At sa pagkakataong ito, gagawin kong tahanan ang katotohanan ng pansamantala.

***

Madaling araw, nagising ako sa pag-ri-ring ng cellphone ko. Nagulat ako nang makita ang pangalan niya sa screen.

"Pasensya na," sabi niya nang sagutin ko ang tawag. "Napanaginipan kasi kita."

Di ako nagsalita. At ano naman kaya ang dapat kong sabihin?

"Ewan ko kung bakit ngayon ko 'to sinasabi," simula ni P. "Pero…alam kong I made a lot of bad decisions in the past. I hurt you. At sa totoo lang, kung mabibigyan ako

ng chance to re-live that life, maybe I would do things differently," saglit siyang napahinto. "I…I just want you to know that."

Huminga ako nang malalim. Laging namang paghinga ang nasa pagitan ng mga salita.

"Sorry, I know it's been 3 years," dagdag niya. "Pero tinatawagan pa rin kita."

Natawa ako. "Ano ba," sagot ko. "It's been three years pero sinasagot ko pa rin ang tawag mo."